

# 1

Abala sa pagsipat sa mga blusang nakasabit sa hanger si Miranda. Nandoon siya sa isang tiangge sa Urdaneta kasama ang isang inaanak. Isang linggo iyon matapos ang magarbong kasal nina Collin at Nina na sa Pangasinan din ginawa, sa kagustuhan na rin ng kanyang cousin-in-law. Gusto kasi nitong ipamukha sa mga taong lumait sa kanyang pinsan na hindi ito tinakasan ng lalaking nakabuntis dito. Kaya kahit malaki na ang tiyan ni Nina ay isang marangyang kasalan pa rin ang ginanap. Nasa Baguio ngayon ang dalawa para sa honeymoon. Pagkapanganak ng pinsan niya ay pupunta ng Italy ang mag-asawa.

Nagpasya siyang manatili muna rito nang ilang araw dahil malapit na ang pista at bibihira siyang magbakasyon dito.

Isang spaghetti-strapped blouse ang dinampot niya nang bumunghalit ng iyak ang batang kasama. Takang tiningnan niya ito.

“Apay?” tanong niya.

“*Kinnedel na pay diay ubet ko!*” sumbong nito na ang ibig sabihin ay kinurot daw ito sa puwit.

“Sino? Ituro mo!”

“*Isu na diay!*” turo nito sa isang matangkad at naka-sideview na lalaki.

Umakyat kaagad ang dugo niya sa ulo. Basta na lamang siya sumugod nang hindi man lang nag-iisip.

Hinaklit niya ang lalaki sa braso.

“Hoy, lalaki!”

Tinitigan siya nito mula ulo hanggang paa. Inalis pa nito ang suot na shades.

“Yes? May problema ba, Miss?” tanong nito sa makapal at suwabeng tinig. He could easily pass for a radio DJ. Pero dahil mainit nga ang ulo ni Miranda, ni hindi nagkaroon ng appeal sa kanya ang magandang boses nito. Hindi rin niya pinansin na para siyang isang dwarf na nakatingala sa isang higante dahil hanggang balikang lang siya nito. She also didn’t notice his dangerous good looks and his almost perfect body built. Ang tanging nasa isip lang niya ay ang maipaghiganti ang pambabastos nito sa kanyang inaanak.

“Walanghiya ka!” Lumagapak kaagad sa pisngi nito ang palad niya. “Ang kapal ng mukha mo! Pati batang musmos, minomolestya mo! Bastos!” walang

puknat niyang sumbat. At dahil nasa isang mataong lugar sila ay halos sa kanila na nakatingin ang mga tao na para bang may pinapanood ang mga itong isang eksena sa shooting ng isang pelikula.

“Now wait a minute...”

“Shut up, you pervert!”

“Sumosobra ka na!” salubong ang mga kilay na asik nito.

“At ako pa ngayon ang sumosobra? Hah! Hoy, Mister! Baka akala mo hindi kita p’wedeng idemanda ng child molestation dahil puwit lang ang hinawakan mo!” nanggagalaiti pa ring sigaw niya. Halos maglabasan na ang mga litid niya sa leeg. Ang lalaki naman ay pulang-pula na rin sa pagkapahiya.

“Ninang...”

“Heh! Manahimik ka lang diyan, Jing-jing!” saway ni Miranda sa inaanak nang kalabitin siya nito. “At ikaw namang bastos ka...” Ibinalik niya ang pansin sa binata.

“Ninang...” Muli ay kinalabit siya ni Jing-jing. Sa ikalawang beses ay tinabig niya ang kamay nito.

“Sinabi nang huwag kang magulo...”

“*Saan nga isu na!*” sagot nito na ang ibig sabihin ay ‘hindi naman siya’.

Naipit sa ngala-ngala ang sasabihin niyang litanya. At kahit ang hintuturo niyang duduro sana sa dibdib ng lalaki ay nabitin na rin sa ere. Ilang sandaling nakatitig lang siya sa mga mata nito. Galit na binalingan niya ang inaanak.

“Ulitin mo nga ang sinabi mo?”

“*Saan nga isu na!*” ulit nito na isinubo pa ang isang daliri na siyang mannerism nito.

Muntik na niyang matampal ang sariling noo. “Hindi siya? Eh, sino?”

Muli itong nagturo. This time, isang batang lalaki na sa tantya niya ay kaedad nito ang itinuro ng paslit. Nakatingin din ito sa kanila at bumelat pa. Parang gusto niya itong sugurin at ibitin nang patiwarik.

“Bakit hindi mo agad sinabi?” iritadong tanong ni Miranda sa inaanak na hindi sumagot at ginawa nang lollipop ang daliri.

“And you were saying, Miss?” narinig niyang tanong ng estrangherong kanina lang ay tinatalakan niya. Nang titigan niya ito ay salubong ang makakapal nitong kilay at nanlilisik ang mga mata sa galit.

Pulang-pula rin ang mukha nito.

“Ah... eh... kasi...” Napatungo siya at kulang na lang ay hilinging bumuka na ang lupa at lamunin siya. Hindi niya kayang salubungin ang titig nito.

Hinawakan niya ang kamay ng inaanak. “Jing-jing, halika na!”

Pero kaagad siyang napigilan ng matangkad na lalaki sa braso. Parang vise ang kamay nitong nakapaikot sa braso niya. Hindi niya maiwasang mapangiwi sa naramdamang sakit.

“At saan ka naman pupunta?” he hissed.

“Aray! Ano ba?” pagpupumiglas niya. Ngunit lalo lamang nitong diniinan ang pagkakahawak sa kanya. Balak yata nitong durugin ang buto niya sa braso.

“Honey?” Kapwa sila nagulat sa pagsulpot ng isang sexy at matangkad na babae. Hindi mapigilang taasan ng kilay ni Miranda ang mestiza na dalaga. Parang eksaherado na kasi ang pag-imbay ng balakang nito habang palapit sa kanila. Pero nakabuti naman ang pagdating nito, dahil nawala sa kanya ang atensyon ng lalaki. Nagawa niyang makawala sa pagkakahawak nito. Mabilis niyang hinila si Jing-jing at lumayo sa lugar na iyon.

“Anak ng... Hoy! Sandali!”

“Marlowe? What’s wrong? Sino ba ang babaeng iyon?”

Tiim-bagang na napakamot na lang ng ulo si Marlowe. Inis na sinulyapan niya ang nobyang si Cathy. Kung minsan ay sablay talaga ang timing nito.

“Sino ba ang babaeng iyon?” He already detected the jealousy in her tone. At lalo siyang nairita.

“I don’t know her,” he replied with a scowl on his face.

“Eh, bakit gusto mo pa siyang sundan? Don’t tell me...”

“Sinampal niya ako, okay? And she also called me a pervert in front of these people!”

Nanlaki ang mga mata nito sa kabiglaanan. “Ginawa niya iyon?”

“Oo!” *At kung hindi ka sana dumating, malalaman ko kung bakit.*

“At bakit ka naman sinampal?” Parang gusto niyang bulyawan ang nobya. Maganda lang talaga ito pero mahina ang pick-up.

“You know what? Let’s just forget about this.

Halika na, nagugutom na ako.”

Madilim pa rin ang mukhang inakay niya si Cathy palayo sa tiangge. Malikot ang mga mata niya habang naglalakad, hoping for a glimpse of the petite woman with a lioness’ temper.

Samantala, humihingal na huminto si Miranda sa lugar kung saan tiyak niyang hindi na siya makikita ng lalaki, if ever na tinangka nitong habulin pa siya. Ibinaba niya si Jing-jing na kinarga na niya sa pagnanais na mapabilis ang kanilang pagtakas.

“Ninang, *mabisinakkon*,” daing ng paslit. Nagugutom na raw ito.

“Anak ka talaga ng nanay mo! Bakit hindi mo sinabi sa akin na hindi pala iyong lalaking iyon ang kumurot ng puwit mo?”

Tumitig ito sa kanya na para bang tinubuan siya ng isa pang ulo. Isinubo uli nito ang hintuturo sa bibig.

*Hay naku!* Kung hindi lang ito bata, baka pinatulan na niya. Sa lahat naman ng inaanak niya, bakit ito pang bubwit na ito ang napili niyang isama sa pamamasyal?

“*Ala ka, adda basol mo tilyuwin ka ti pulis!*” banat

nito na ang sabi ay lagot daw siya dahil ipapahuli siya ng lalaki sa pulis.

Pinandilatan niya ito ng mga mata. Aba't ang pasaway na bata, nagawa pa siyang takutin.

“*Mabisinakkon! Mangan tayon!*” pagmamaktol nito. Sa ikailang beses ay gusto niya itong sigawan. Pero magmumukha na siyang retarded dahil bata pa ang napili niyang awayin. Huminga siya nang malalim upang kalmahin ang sarili. Nang hindi pa nasiyahan ay pumikit siya at bumilang ng sampu. Nakatulong naman iyon kahit paano.

“Sige, halika na.” Inakay niya si Jing-jing papunta sa pinakamalapit na fastfood restaurant. Palinga-linga si Miranda habang naglalakad. At abut-abot din ang dasal niya na sana ay hindi na muling magkrus ang landas nila ng matangkad na lalaki.

---

Laman pa rin ng isip ni Marlowe ang maliit na babaeng basta na lamang sumampal sa kanya kanina. Hindi niya napigilang mapangiti pagkaalala ng nangyari. Kahit may kaunting inis pa ring nararamdaman, ngayon niya napagtanto ang humor sa naging sitwasyon kanina. Para itong amasonang walang pakialam na sumugod sa kanya dahil...



kinurot daw niya ang puwit ng batang kasama nito? At hindi man lang ito nangilag sa laki niya, gayung kung gugustuhin lang niya ay mailalampaso niya ito sa sahig nang hindi man lang pinagpapawisan. He liked feisty women. She reminded him of Joey, his female *FBI* buddy.

Biglang napalis ang ngiti niya.

Joey...

How could he ever forget her? Para na itong younger sister kung ituring niya. But she was one of the boys and a bit reckless for her own good. Marami na silang naligtasang delikadong operation bilang miyembro ng counterterrorism unit ng *FBI*. Ngunit sa isang raid sa isang hinihinalang *Al Qaeda* terrorist group, nagmintis ang intelligence report nila. Naka-rig ang buong building ng C4 explosives. Some of them managed to get out just as the building blew. Pero sa kasamaang-palad ay naiwan sa loob si Joey. Isa ito sa naging casualties ng operation na iyon.

Nagtamo rin siya ng ilang serious shrapnel wounds sa katawan sanhi para ma-comatose siya ng isang linggo sa ospital. He made it through and was given his second life. But he felt sorry for Joey. At dinamdam din niya ang pagkawala ng kaibigan. He stayed for two more years on desk duty bago siya

nag-resign sa ahensya. Nagpasya siyang bumalik dito sa Pilipinas.

Napunta sila ni Cathy rito sa Pangasinan by accident. Nasiraan ang sasakyan nila sa Urdaneta at kinailangan pa niyang ipaayos. Sa malas ay kinabukasan pa niya iyon makukuha sa talyer kaya naghanap na lang sila pansamantala ng matutuluyan. Gagawin na sana nila iyon nang maengganyo si Cathy na mag-ikot sa nakitang tiangge. At doon na nga nangyari ang chance encounter niya sa lioness woman.

And again, it brought a wicked smile on his face.

Being an agent, kasama sa training nila ang sukatin ang kalaban, ang magkaroon ng keen attention to details, kahit gaano pa kaordinaryo ang sitwasyon sa palagay niya. Naka-imbed na iyon sa instinct niya. At hindi exception ang nangyari kanina. Marlowe remembered every detail of her face, her body, everything! At kung may kaharap lang siyang profile artist ngayon, detalyado niyang mailalarawan dito ang dalaga. At puwede na siyang mag-post ng wanted posters nito sa buong Pangasinan.

Napangisi siya sa naisip. Ano kaya ang gagawin nito kapag ginawa niya iyon? A small part of him was tempted. Pero kaagad din niyang iwinaksi ang

ideyang iyon.

Sa buong buhay ni Marlowe, wala pa siyang babaeng pinatulan. Kung may babae mang dumaing kapag kasama niya, iyon ay dahil sa sarap, hindi sa hirap. At kailanman ay hindi siya namilit ng isang babae. Bigla niyang na-imagine ang dalagang nakaengkuwentro kanina. Ano kaya ang pakiramdam kung ito ang kasama niya sa kama? Baka sa unang pagkakataon ay maranasan niya kung paano makipag-wrestling sa babae. That would be exciting!

Unconsciously ay may nabuhay sa parte ng kanyang katawan.

His mind conjured an image of her; hugis-pusong mukha, bilugang mga mata, makakapal na eyelashes at maarkong mga kilay, maliit ang matangos nitong ilong at may full, sensual lips. Hanggang balikang straight at layered na buhok. Maliit lang itong babae, sa tantya niya ay 5'2" ang height. Maganda ang hubog ng katawan nito. Hindi ito voluptuous, hindi rin flat-chested; nasa tamang sukat lang. At iyon ang isang gusto niya sa babae. Maliit din ang baywang nito, and her hips? Now, that definitely caught his attention! The way her sexy hips flared while she walks, it was very natural. Hindi pilit at aral katulad ng sa ibang babae. And to think na may pagka-boyish pa ang

*A Shot At Miranda - Doreen Laroya*

---

dating nito. But still, the sway of her hips is enough to put a man on fire, idagdag pa ang full, rounded butt nito.

He felt that part of his anatomy stir and harden. Siya namang lapit sa kanya ni Cathy. Kinuyumos niya kaagad ng halik ang nobya. At habang patuloy na ini-imagine ang dalagang naka-imprint na yata sa utak niya, he made wild, passionate love to his girlfriend.

## 2

“Okay, baby, smile!” Kahit naiinis na’y pinilit pa rin ni Miranda ang maging professional. Isa siyang freelance photographer at on-call siya rito sa *Snapshots and Smiles*, isang creative image photography studio na nagke-cater sa lahat ng clientele, at nagbibigay ng kanilang serbisyo para sa kahit anong okasyon. Kaibigan niya ang may-ari na si Lindsay kaya kapag undermanned ito ay siya kaagad ang tinatawag.

Sa kasalukuyan ay isang two-year-old toddler na may suot na bee costume ang kinukuhanan niya ng litrato. Inayos niya ang bata sa puwestong gusto ng ina nito. At gaya ng madalas niyang gawin, she made a face para mapangiti ang bata, na siya naman nitong ginawa. Sunud-sunod na click na ng camera ang narinig.

Tinawag niya ito uli at muling nilaro para humagikgik. She made a few shots at ipinakita ang outcome sa ina. Mukhang nakontento naman ito dahil nakangiti pang tumango.

*Hay, salamat!* aniya sa sarili.

Mahal niya ang kanyang trabaho ngunit minsan,

sa sobrang dedication ay napapabayaang na niya ang sarili. Katulad na lamang ngayon. Ala una na ng hapon pero hindi pa siya kumakain ng tanghalian. At kumakalam na ang sikmura niya dahil sa gutom.

Matapos makapili ng shot na gustong ipa-print ay ipinasa na ni Miranda ang customer kay Lindsay para sa pagbabayad. Ibinigay rin niya sa kaibigan ang gamit na DSLR camera at itinuro rito ang shot na i-e-edit at ipi-print. Hindi na niya hinintay na makaalis ang mag-inang customer. Kinuha niya ang wallet sa bag at mabilis na lumabas ng studio, tinawid ang kabilang kalsada at pumasok sa katapat nilang karinderya.

She was really starving!

Hustong nakalabas at nakatawid siya nang pumasok ang lalaki kasama ang isang teenager. He stayed for no more than fifteen minutes. At hustong kalalabas ng binata sa shop nang siya ay bumalik dahil tapos na siyang kumain. Nagtaka pa si Miranda nang makitang parang nakalutang sa ulap ang mga kasama niyang babae nang pumasok siya.

“Hay naku, Miranda!”

“Bakit?” nagtataakang tanong niya kay Lindsay. Para itong may kiti-kiti sa paa at kulang na lang ay maglulundag.

“You wouldn’t believe who came over!”

“Sino? Si PNoy?”

“Sus! Bakit naman tayo pupuntahan ng presidente?”

“Eh, sino nga? At bakit kung makakilos kayo’y para kayong nakakita ng nabuhay na Olympus god?”

“Dahil iyon mismo ang nakita namin! He’s the reincarnation of Zeus!”

Ang ibig lang sabihin ni Lindsay, super guwapo at super macho ang pumasok na lalaki sa kanilang shop. Iyon kasi ang translation nila sa term na walking Olympus god. Kung hindi lang siya pagod, baka isa rin siya sa kinilig sa ibinalita nito. Bilang isang artist, weakness niya ang magaganda at guwapong mukha at magagandang katawan. But this time she wasn’t in the mood.

“Oh, bakit parang hindi ka yata masaya? Siguro naiinggit ka, ’no!”

Umingos siya at kumuha ng tubig sa naruong water dispenser.

“Nasaan ba ang proof ninyo?”

Pilyang ngiti ang naging sagot ni Lindsay. Kinuha

nito ang DSLR at ipinakita sa kanya ang naka-save na picture. Muntik na niyang maibuga rito ang malamig na tubig na iniinom nang makita ang ipinagmamalaki nitong guwapong lalaki. Iyon at ang lalaking sinampal niya ay iisa!

Paano ba niya makakalimutan ang nakababahalang mukhang iyon? He was dangerously good-looking. Nakakatakot na nakakakilig! Halos magsalubong na ang makakapal na kilay nito na bumagay naman sa deep-set na mga mata nito. He had the perfect straight nose and wide, sexy lips na bahagyang naging full ang bottom part. Lalo pang nagmukhang prominente ang square jaw ng binata dahil sa day-old stubbles at sa pinong bigote, and the deep cleft on his chin. Nakalugay ang may kahabaan at shaggy nitong buhok, na lalo lamang dumagdag sa mapanganib na aura nito.

At naku! Ang laki ng biceps! Napalunok siyang bigla. Bakit ba ngayon lang niya napansin na malaki ang katawan nito? Ito iyong tipo na matipuno pero hindi maskulado. Parang iyong katawan ng mga sundalo na all hard muscles, na na-develop dahil sa intense physical activity at hindi produkto ng kahit anong gym.

Mabuti na lamang pala at wala siya. *Natandaan kaya niya ako?* Bigla siyang kinabahan.



“N-nagpakuha siya ng picture dito?”

“Hindi siya. Iyong kasama niyang teenager. Akala nga namin, girlfriend niya. Pero tinawag siyang *Tito* n’ung dalagita,” ani Lindsay.

“Mabuti, pumayag siyang kunan ninyo ng litrato.”

“Naku, stolen shot kaya iyan. Buti na nga lang hindi niya nahalata.”

Napatango na lamang si Miranda. Mabuti na lang talaga, wala siya roon!

---

Nakabalik na sa bahay si Marlowe ay nakangiti pa rin siya. Ang akala siguro ng babaeng kumuha ng kanyang litrato ay hindi niya iyon nahalata. But he did! He heard the click of the camera at sa peripheral vision niya ay nakita niya ang hawak nitong digital camera. Hindi na lamang siya nagpahalata dahil mukhang matino naman ang dalaga. Baka na-startstruck lang talaga sa kanya.

Madalas mangyari iyon. At hindi sa pagyayabang, talagang nakakabighani ang hitsura niya. Di nga ba’t ilang babae na ang kusang lumapit para lang humingi ng isang gabi sa kanya? Pero hindi siya isang sex-starved maniac na tuka lang nang tuka.

Gaya ng nakasanayan ay naghubad siya at nahiga sa kama. Malaki ang apartment na pag-aari niya, although sa isang middle-class subdivision lamang iyon nakatayo. Mas ginusto niyang dito manirahan kaysa sa mansyon ng mga Agoncillo sa *Multinational Village* sa Parañaque.

He was used to living alone since he was five. Iyon ang edad niya nang damputin siya ng *DSWD* mula sa kalsada at dalhin sa isang bahay-ampunan. Ang mga tauhan doon at ang mga kaparis niyang ulila at abandonadong bata ang nagsilbi niyang pamilya sa loob ng isang taon bago siya ampunin ng mag-asawang Agoncillo.

They were an influential but low profile couple. May dalawang anak na babae na ang mga ito but they still wanted a son to complete the family. Hindi na magawang mag-conceive ang babaeng Agoncillo dahil sa isang komplikasyon sa matris na nangyari matapos nitong ipanganak ang bunsong anak.

The couple treated him as their own. Pantay ang pagmamahal na ipinakita ng mga ito sa kanya. And even his older sisters adored him. Kahit hindi magkatulad ang dugong nananalaytay sa kanilang mga ugat, the moment he entered their home, he became a true-blooded Agoncillo. And Marcel even changed

his surname to his. Nagkaroon siya ng instant family and he couldn't be thankful enough.

Ang utang-na-loob ni Marlowe sa pamilya ay sinuklian niya ng pagpapahalaga at katapatan, as well as hard work. Yes, sagana siya sa lahat ng bagay. Pinanatili niya ang payak na pamumuhay kahit pa tutol doon ang kanyang adoptive mother. Masyado kasi siyang spoiled dito bilang siya ang pinakabata at lumalabas na bunso sa pamilya. Minsan nga'y nangangamba na siyang baka magselos ang dalawa nitong anak. Ngunit pawang amusement ang nakikita niya sa mukha ng mga ito kapag bine-baby siya ng ina-inahan.

Second year high school siya nang magpasya ang buong pamilya na sa US na manirahan nang permanente. Hindi siya nahirapan dahil US citizens na ang mga ito at ini-apply kaagad siya ng US citizenship ng mga magulang simula pa lang.

Sa Miami na niya ipinagpatuloy ang pag-aaral ng high school. After he completed a bachelor's degree in Criminal Justice at the *University of Miami*, he became a police officer and later a detective at the *Miami Dade Police Department*. Apat na taon pa lamang siyang nagtatrabaho roon when a former mentor recruited him for the *FBI*. Walong taon din siyang naglingkod sa

ahensya bago siya nagpasyang umalis na at bumalik na lamang sa Pilipinas.

Magdadalawang taon na siyang nakatira sa bansa at isang taong mahigit na rin ang operations ng *ZEUS Private Detective and Security Agency* na itinayo niya at personal na pinamamahalaan. And he was more than satisfied with his accomplishments.

Tumunog ang telepono sa side table. Napangiti si Marlowe. Alam na niya kung sino ang tumatawag.

Masayang nagkumustahan ang mag-ina.

“I’m fine, Mom.”

“You don’t sound fine.”

Humalakhak siya. Kung mayroon mang babaeng maaaring mang-bully sa kanya, si Estela Agoncillo iyon. “I really am, Mom. Pagod lang po ako.”

“Kung nag-aasawa ka na ba naman.”

Napailing na lamang siya. Matagal na nitong hinihimok siyang mag-asawa. She even tried to set him up with her friends’ daughters, to his father’s disbelief. Lahat iyon ay pinagbigyan niya nang maluwag sa kanyang puso. He loved his mother so much, he just couldn’t refuse her.

“Gusto n’yo bang pakasalan ko na ang isa sa mga babaeng naghahabol sa fat bank account ng mga Agoncillo? Sa limpak na kayamanang mamanahin ko kung sakali?” He made it sound like a joke. He heard his mother scoffed. Muli ay napangiti siya.

“You’re a self-made man, Marlowe. You made it on your own, hindi dahil sa tulong namin.”

“But I wouldn’t be here if not for your family.”

“We just gave you a roof above your head and means for an education. Nakalimutan mo na bang you’re too proud to accept our financial generosity?”

Napatawa siya. Palagi na’y nagagalit ito kapag tumatanggi siya kapag inaabutan nito ng pera. Hanggang sa ipinagbukas na lamang siya nito ng sariling account, para magamit niya sakaling kailanganin niya ng pera.

“Seriously, Marlowe, we are all proud of you. Hindi kami nagkamali noong ampunin ka namin. We knew you were special the moment we saw you. You’ll do great things, son. At ngayon pa lang, natutuwa na kami ng daddy at mga kapatid mo para sa iyo.”

“Thank you, Mom. But don’t get your expectations too high. Hindi ako exceptional na lalaki. I just happen to have the most wonderful family anyone can ever

wish for.”

He heard her melodic laughter. “You’re sweet, baby. Pero huwag mong ilihis ang usapan. Kailan ka ba talaga mag-aasawa?”

Marlowe rolled his eyes heavenward. He was already thirty-five, yet he was still mommy’s baby boy.

“Soon, Mom. Huwag ka kasing mainip at baka maudlot.”

“Sino naman ang mapalad na babae?”

Dapat ay pangalan ni Cathy ang binanggit niya, para ma-pacify lang ang ina at huwag na siyang kulitin. But instead, a different face appeared from his memory.

“Hindi ko pa siya kilala, Mom. But I intend to know her. And the moment that I do, tatawagan kaagad kita.”

“Tiyakin mo lang na mamadaliin mo. Sabik na akong magkaapo sa iyo.”

He chuckled once more. Nagpaalam na siya sa ina at ibinaba ang telepono. May ngiti pa rin sa labing humiga siya at tumitig sa kisame.

Muli ay lumitaw sa balintataw niya ang imahe

ng dalagang nakaengkwentro sa probinsya. Sinabi lamang niya kay Estela na intensyon niyang makilala ito para matigil na ang ginang sa pangungulit. But now that he considered it, wala namang masama kung hahanapin niya ang dalaga at susubukang mapalapit dito. May kutob siyang may natutulog na apoy sa kaibuturan nito, a sensual kind worth exploring. He had this strong feeling he'll take pleasure appeasing her inner fire.

---

Pagod na inilapag ni Miranda ang digital camera sa ibabaw ng table at ibinagsak ang katawan sa malambot na kama. Kahit freelancer siya, nakakapagod pa rin ang trabaho niya dahil hindi siya nababakante. Kung tutuusin ay puwede naman siyang pumirmi na lang sa *Snapshots and Smiles*. But she was too adventurous to even think of staying in one place. Mas gusto niya iyong nalilibot niya ang iba't ibang lugar para maghanap ng subject.

In her five years as a professional photographer, she had tried fine art photography, commercial photography and even sidelined as a photojournalist. She loved her job. She got interested in photography when her father handed her her first point and shoot camera when she graduated from high school. Since

then, naging passion na niya ito. Hindi pa masyadong extensive ang kanyang portfolio, ngunit nag-uumpisa na rin siyang makilala sa kanyang larangan. Pero may isa pa siyang gustong subukan.

And that was nude photography. Pero hindi niya gusto iyong group session. Na-di-distract siya kapag maraming tao. She wanted to try it in private, iyong siya at ang kanyang modelo lamang. Matagal na siyang naghahanap ng prospective model. But she could not seem to find the perfect one. Wala isa man sa mga nakilala niya ang nag-fit sa kanyang physical requirement.

Pero ano ba ang requirement niya?

She needed someone who not only registers good in the camera. She needed someone with an air of mystery. Iyong parang may itinatagong deep, dark secrets.

The tall stranger would fit perfectly into her profile!

Napalunok siyang bigla pagkaalala sa nakaaway niyang estranghero. She remembered how reckless she had been in accusing him, sa harap pa mandin ng maraming tao. Talagang napahiya ito sa ginawa niya. Mabuti na lamang at dumating ang girlfriend nito kaya



pinalad siyang makatakas.

Saved by the skinny mestiza woman! Napahagikgik si Miranda pagkaalala sa hitsura ng kasama nito. Para kasing hindi ito kumain ng isang taon dahil kaunti na lang ay literal na buto't balat na ito. At kung mayroon mang outstanding sa features nito, iyon ay ang malulusog nitong dibdib, which is odd. Iisipin ng isang tao na kung may kinakain man ito ay sa dibdib napupunta at hindi sa sikmura.

*Ang sagwa naman ng taste ng lalaking iyon!* Napangiwi siya nang di-oras. But in fairness, maganda ang mukha nito. Parang mukha ng mannequin.

*Di-hamak namang mas sexy ako d'un at may kamukha din akong animé character!* aniya sa sarili. *Kinulang lang talaga ako sa height.*

*Teka nga, bakit ba nakikipagkompetensya ka d'un sa babaeng iyon?* tanong ng konsyensya niya.

Bigla siyang natigilan. Oo nga naman, bakit ba siya nakikipag-compete, ni hindi nga niya kilala ang dalawa? At sobrang laki ng Maynila para muli niyang makita ang mga ito.

*You almost encountered him again a while ago,* paalala ng kanyang konsyensya.

Ibig bang sabihin noon ay may isang mysterious force na pilit pinagtatagpo ang landas nila? Hindi naman siguro. Baka coincidence lang. Pero paano kung hindi? Paano kung connected sila in some ways talaga?

*Hay naku, ano ba itong iniisip ko?*

Tumayo siya upang maghanda ng hapunan. Habang nasa kusina ay hindi niya mapigilang malungkot. Ngayong may asawa na si Nina ay mag-isa na naman siya sa bahay. Si Adie ay paminsan-minsan lang na bumibisita sa kanya.

She didn't know what came over her, bigla siyang nakadama ng isang deep longing for a companion. Bigla ay naging pathetic ang tingin ni Miranda sa sarili dahil namumuhay siyang mag-isa.

She was okay with being single and independent before. But maybe seeing how happy Nina had been during her wedding changed her perception. Nakadama siya ng inggit sa pinsan.

Suddenly, she wanted someone who would show her the same affections Collin showered Nina.

All of a sudden, she was tired of being alone... she wanted love, a relationship, someone to kiss, someone to hug, someone to make love with.

*A Shot At Miranda - Doreen Laroya*

---

Hindi siya emosyonal na tao, at bihira siyang umiyak. But that time, the yearning was too much, it brought tears in her eyes. Bago pa niya mamalayan, humahagulhol na siya.

# 3

Matiyagang naghihintay sa isang restaurant sa loob ng *Makati Shangri-La Hotel* si Miranda. Makikipagkita siya sa isang tao na inirekomenda ni Lindsay upang maging model niya para sa kanyang nude portfolio. Ang sinabi nito sa kanya ay hindi na raw ito baguhan sa ganoong estilo ng photography and that he could fit her requirements, bagay na tinaasan niya ng kilay. Kung hindi man ang taong ito ang hinahanap niya, additional material na rin ito para sa kanyang portfolio.

The swing door opened at isang matangkad at maputing lalaki ang nakita niyang pumasok sa restaurant. Nakasuot ito ng sunglasses at casual attire. Ito na siguro. Ang sinabi kasi ni Lindsay ay magsusuot daw ito ng pulang polo shirt.

*Maere!* Iyon kaagad ang pumasok sa isip niya habang pinagmamasdan kung paano nitong inalis ang shades at sinuyod ang kabuuan ng restaurant sa paraan na tila itong isang sikat na artista.

She smirked. The man caught her eyes and smiled confidently, flexed his shoulders and walked toward her. Gustung-gusto na niyang bumunghalit ng tawa. Humigop siya ng iced tead sa baso upang pigilin ang

bungisngis na nais umalpas mula sa kanya.

“Hello!” bati nito sa kanya.

Muntik na niyang maibuga ang iniinom. Mabuti na lamang at napigilan niya. Yumuko siya upang itago ang pagtawa. If this was Lindsay’s idea of a good joke, then hindi ito nabigong patawanin siya.

“Ako nga pala si Joe.”

Again, she suppressed her laughter. She cleared her throat at kinagat na ang pang-ibabang labi para lang huwag matawa.

“Miranda.” She accepted his outstretched hand. Muli siyang nag-alis ng bara sa lalamunan. Another word from him at mapipilitan na siyang mag-excuse at pumunta sa rest room upang pakawalan ang pinipigilang tawa.

Paanong hindi? Kung ano kasi ang inilaki ng bulas nito ay siyang liit naman ng boses! If there ever was such a thing as a naipit na Adam’s apple, ganito siguro ang resulta.

“So, Lindsay tell me you wanted my shot!”

“Ha?” Tumaas ang kilay niya. Ano raw?

“Sabi ni Lindsay, gusto mo raw akong kuhanan

ng picture?”

“Ah...” She nodded trying her best to hide her mirth.

*Diyos ko! Saan ba napulot ni Lindsay ito? Sablay na nga ang boses, pati IQ single digit pa yata! Pambihira talagang mang-asar nitong kaibigan niya.*

“Shall we *proceeded*?”

That does it! It was the final straw.

“Will you excuse me for a minute?”

Hindi na niya hinintay na sumagot ito. Tumayo siya at tinungo ang ladies’ room. Pagkapasok na pagkapasok doon ay binirahan niya ng tawa. Mabuti na lamang at siya lang ang naroon kung hindi ay napagkamalan siyang luka-luka. Ilang sandaling hinayaan niya ang sarili na tumawa bago maluhang luhang inayos ang sarili. Humahagikgik pa rin siya habang ni-re-retouch ang makeup niya.

Nakailang buntong-hininga muna siya bago lumabas ng rest room. Naroon pa rin ang binatang nagpakilalang si Joe. Parang gusto niya uling matawa. Mabuti na lamang at nahimasmasan na siya ngayon.

“Malapit lang dito ang *Snapshots and Smiles*. P’wede nating hiramín ang isa nilang studio para sa

session natin,” simula niya.

“Bakit hindi na lang sa room ko sa itaas? Tatal nama’y narito na rin lang tayo, para hindi na tayo lumayo.”

May inupahan itong silid? Aba’t mukhang rich!

Kunsabagay, mas convenient sa kanya ang suhestyon nito. Besides, ang balak niya ay ilang shots lang ang kuhanin, para lang hindi ito mapahiya. Nag-effort din naman ito kahit paano.

“Okay, sige. Mabuti pa nga siguro.”

He flashed her a cute smile pero as it is, nauna na siyang ma-turn-off dito. He led her to the elevator.

“Saan ba ang unit mo?”

“Nasa tenth floor.” Hindi na niya pinansin ang pagngisi nito. Tiwala siyang sumama sa lalaking naipit ang Adam’s apple.

Dalawa lamang sila sa loob ng elevator. Walang imik ang katabi niya ngunit panay ang dikit nito sa kanya. Panay naman usod niya palayo. Hanggang sa halos makorner na siya nito.

“P’wede bang umusod ka nang kaunti? Nasisiksik na kasi ako dito sa sulok.”

Hindi ito sumunod. Sa halip ay humarap pa ito at itinukod ang dalawang kamay sa magkabilang tabi niya.

“Why? Are you *threatening*?”

Kung hindi lang nag-uumpisa na siyang kabahan, baka natawa pa siya sa mali na namang grammar nito.

“Alam mo bang ang ganda-ganda mo? Mabuti na lang pala’t pinagbigyan ko si Lindsay.” Inilapit nito ang mukha sa kanya. She instinctively pushed him.

“Joe! Lumayo ka sa akin, p’wede ba?”

“Huwag ka na kasing mahiya. Maghuhubad din naman ako mamaya, bakit hindi pa natin simulan dito? And you can *took* your clothes too. Para sa iyo, libre na lang ang side dish.” Sinundan nito ng mahinang tawa ang sinabi.

*Anak ng...!* Uminit na ang ulo ni Miranda.

“Eh, manyak ka palang tarantado ka!” Hustong pagtapat nila sa seventh floor ay bumukas ang pinto ng lift ngunit walang tao sa aisle. Sinamantala niya iyon at tinuhod ang maselang bahagi ng binata. Napaaringking ito sa sakit.

Tumakbo siya palabas ng elevator. Sa paghahanap ng mapagtatagan ay basta na lamang niya pinihit ang



seradura ng pinto ng isang silid na natapatan niya. Hustong nakapasok siya roon nang siyang labas naman ni Joe ng elevator na sapo ang nasaktang pagkalalaki.

The room was spacious and clean. Iyon kaagad ang napansin niya. Ngunit halatang okupado ito dahil may isang overnight bag na nakapatong sa narroong kama.

*Shit! Paano ako ngayon lalabas dito?*

May narinig siyang kaluskos mula sa banyo at nataranta siya. Tiyak na magagalit ang may-ari ng silid kapag nahuli siya roon. Hindi naman siya makalabas dahil baka inaabangan siya ni Joe. Kahit sablay ang grammar nito at animo pinitpit na luya ang boses, tiyak niyang determinado itong makuha siya. Without thinking, sumuot si Miranda sa ilalim ng kama, just as the room occupant emerged from the bathroom. Malalaking paa at mabalahibong binti ang nakita niya mula sa kanyang pinagtataguan.

She heard him whistle. Makapal at malamig ang tinig nito. Parang iyong sa estrangherong sinampal niya noon sa Pangasinan. Umiral ang curiosity niya. Carefully, she inched her body outward, just enough to see him without being seen. Napasinghap siya at muntik nang mapamura sa tanawing tumambad sa kanya.

The guy was naked, as in stark-naked! Naglakbay ang mga mata niya mula sa binti nito paakyat sa lean, muscled thighs hanggang sa bahagi kung saan nagkaiba ang anatomy nila. Hindi niya makita ang mukha ng lalaki dahil matangkad ito.

Oh boy! Parang gusto niyang mahimatay.

She had seen naked men before, but she had never seen a body as majestic as this one! And he's already... huge! And he's not even partially aroused! How big can it get when...? Bigla tuloy nanuyo ang lalamunan niya. Beads of perspiration formed on her forehead. Wala sa loob na naipaypay niya ang isang kamay sa mukha.

Lumundo ang kama nang umupo ito. Matutulog na ba ito?

Tila sagot sa kanyang tanong, muling bumukas ang pinto ng silid at pumasok ang isang pares ng mga paa, this time a woman's, dahil nakasuot ito ng high heels. Sa maikling sandali, wala siyang narinig na nagsalita, wala ring kumikilos. Then, she felt movement, heard the sound of a zipper being zipped open. Nakita niyang bumagsak sa paanan ng nakatayong babae ang party dress na suot nito, na sinundan ng isang black bra at isang black thong. The woman stepped away from the pile of garments and carelessly threw her shoes. Ang

isa ay muntik pang sumuot sa ilalim ng kama malapit sa mukha niya. She walked slowly toward the side of the bed.

“Oh... I love it when you come alive, honey!” malanding sabi nito. Naitakip ni Miranda ang isang kamay sa bibig. Parang alam na niya kung ano iyong nag-come alive.

Sinikap niyang huwag kumilos kahit parang tambol sa bilis ang tibok ng kanyang puso.

“Yeah, come to Mama, Little Boy!”

Lumundo pang lalo ang kama nang sumampa ang babae.

“Hmm... you’ve missed me!”

Narinig niyang umungol ang lalaki, a deep guttural growl.

*Diyos ko po!* Napaantanda siya.

Walang kamalay-malay ang dalawa na may ibang tao sa loob ng silid. Pakiramdam ni Miranda ay nangangapos ang hininga niya. Hindi siya inosente at lalong hindi tanga. Alam niyang nakatakda siyang maging audience ng isang live show. Only, she was not about to witness it with her eyes. At hindi niya alam kung ano ang mas nakakabahala, ang makitang

nagtatalik ang dalawa or to form a mental image of their mating act? At tipong gumagana na nga ang malawak niyang imagination!

She pictured the woman touching him, trailing her soft hands along his length and the rest of him. Her own hands felt sweaty and hot, it's as if she was the one touching him. She could also picture him reciprocating, touching the woman in ways and in places so sensitive it made her groan. At napaka-weird dahil muntik na niyang sabayan ang pag-ungol ng babae. Pakiramdam niya kasi ay siya ang hinahawakan ng lalaki. Ipinikit niya ang mga mata at sinikap na mag-isip ng ibang bagay. Ngunit ayaw mag-deviate ng isip niya sa kasalukuyang nagaganap.

Ilang sandali pa'y umalon muli ang kama at panay-panay na ang naririnig niyang ungol at daing. Itinakip niya ang isang kamay sa bibig upang huwag makagawa ng ingay.

The bed creaked with the couple's rapid movements. Tanya niya ay malapit na ang dalawa sa sukduan.

And again, an image of them conjured in her mind. Ang dalawang magkapatong na pareha sa ibabaw ng kama, their bodies linked together. The man on top of the woman, impaling her with his huge...

“Oh, Marlowe!” narinig niyang daing ng babae. Nahihirapan ba ito? Nasasaktan? Kunsabagay, sa laki ba naman ng lalaki, sinong babae ang hindi masasaktan? Pero para namang hindi. Para ngang sarap na sarap pa ito.

*Shit!* Kahit siya ay nag-iinit na sa nagaganap sa ibabaw ng pinagtataguan niya. Her wild imagination was doing things on her body. Her muscles tingled, her skin flushed with excitement, and raw electrifying heat traveled from her face down to her breast, making its peaks hard, and further down still to her groin. Nanginginig ang buong katawan niya, not because of the cold. Oh no! She was on fire!

“I’m coming!” Isang mahabang ‘oh!’ ang narinig niya.

Susme! Nakagat ni Miranda ang ibabang labi.

The woman made one loud moan. The man did something like an animal growl. And as they both reached their climax, she too felt something burst inside of her.

A loud thud made the bed creak even louder. May mahihinang ungol pa rin siyang naririnig and panting sounds of the couple catching their breaths, then stillness.

*A Shot At Miranda - Doreen Laroya*

---

Kahit siya ma'y hinihinal na parang tumakbo siya nang ilang milya. Malakas ang kabog ng kanyang dibdib. And she could feel the throbbing in between her thighs na animo'y siya ang nakipagtalik sa binata.

Ilang sandali pa siyang nakiramdam hanggang sa wala na siyang ingay na marinig. Nakahinga siya nang maluwag. Mukhang natutulog na ang dalawa.

Pakiramdam niya ay pagod na pagod siya kahit pa nakahiga lamang siya roon. Siya man ay hinihila na rin ng antok. Gusto sana niyang manatiling gising at alerto dahil kailangan niyang makalabas ng silid na iyon. But she was already drifting into darkness. Soon, her even breath mingled with the ones on top of her.

Hindi sigurado si Miranda kung ilang minuto o oras siyang nakatulog sa ilalim ng kama. Nagmulat siya ng mga mata at sandaling binalikan sa isip kung nasaan siya. Nang matantong naroon pa rin siya sa loob ng silid ng lalaki ay maingat siyang kumilos palabas ng pinagtataguan. The room was dark, and she could see figures lying on the bed.

Mukhang tulog pa rin ang dalawa. Mabuti kung ganoon.

With careful and unhurried steps, lumakad siya palapit sa pinto.

Years of training made him extraordinarily aware of his surroundings even with his eyes closed. At sa malakas na pandama ni Marlowe ay naramdaman niya ang pagkilos ng isang anino. Nagmulat siyang bigla ng mga mata, just as the shadow reached the doorknob.

“Sino ka?” malakas ang tinig na tanong niya. Maliit lamang ang anino and she had the figure of a woman.

Sa gulat ay bigla itong napalingon at lalo pang namilog ang bilugang mga mata nito nang tumayo siya. Nagmamadaling pinihit nito ang seradura at lumabas.

“Sandali!” Susundan sana niya ito ngunit naalala niyang wala siyang suot kahit ano. He struggled with his bathrobe at tinakbo ang pinto. Pero deserted na ang aisle nang makalabas siya.

Tiim-bagang na muli siyang bumalik sa loob ng silid.

“Marlowe, what’s wrong?” pupungas-pungas na tanong ni Cathy nang i-flip niya ang switch ng ilaw.

“It’s nothing. Matulog ka na uli,” sagot niya. Muli itong humiga at pumikit. Siya naman ay tuluyan nang

nagbihis. “I’ll just go outside for a drink,” paalam niya sa nobya na umungol lang bilang sagot.

Pinatay niyang muli ang ilaw bago siya lumabas. Sumakay siya ng elevator pababa sa lobby. Nagtuloy siya sa isang coffee shop siya.

Habang humihigop ng mainit na kape ay hindi niya maialis sa isip ang mukha ng babaeng nahuli niya sa kanyang silid. Nakatalikod siya sa light source kaya hindi nito nakita ang mukha niya, but he very well saw her face. It was the same face who confronted him in Pangasinan. She’s the same girl!

Paano ito napunta sa silid niya? At gaano ito katagal na naroon?

Isang malawak na ngiti ang gumuhit sa kanyang mukha nang maisip na baka posibleng nasaksihan nito ang ginawa nila kanina ni Cathy. Hindi niya maintindihan ngunit sa halip na mahiya ay nakadama pa siya ng excitement. Kung talaga ngang nagtatago na ito sa loob ng silid niya bago pa man dumating si Cathy, malaki ang posibilidad na naroon ito habang nakikipagtalik siya sa nobya.

May kaaliwang inubos ni Marlowe ang kape sa puswelo.

---



*A Shot At Miranda - Doreen Laroya*

---

Nanlalatang ibinagsak ni Miranda ang katawan sa kama. Akala niya ay hindi na siya makakauwi. What an axperience!

Huminga siya nang malalim at ipinikit ang mga mata. A tall shadow appeared from her memory. Hindi niya nakita ang mukha nito. But his stance looked familiar, and his hair. Parang nakita na niya ito kung saan ngunit imposible. Wala siyang kakilalang maaaring magtaglay ng ganoong kalakas na appeal at personalidad. Except for...

Napasinghap siya. It couldn't be! Could it?

Napaungol siya. Sana ay hindi totoo ang hinala niyang may mahiwaga at hindi nakikitang koneksyon sa pagitan nila ng estrangherong sinampal niya sa probinsya, dahilan kung bakit palagi na lamang pinagkukrus ang landas nila, in the most unlikely places and the most embarrassing circumstances.